Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
**MUNICIPALITY OF BULALACAO**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-6 NG DISYEMBRE, 2021 SA SOUTHDRIVE RESORT, BARANGAY MAUJAO, BULALACAO, ORIENTAL MINDORO

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IPM Representative |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**
**WALA**

x------------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 21-12-385

**RESOLUSYON NG PAGKILALA SA LAHAT NG PRESIDENTE NG SENIOR CITIZEN SA BARANGAY AT SA PANGKALAHATANG PANGULO NG BAYAN NG BULALACAO**

"**SAPAGKAT,** ang munting Bayan ng Bulalacao ay matatagpuan sa dulong bahagi ng Lalawigan ng Oriental Mindoro na sa kabila ng pinansyal na pagsubok at kakulangan sa pamumuhay ay mapalad pa rin sa pagkakaroon ng mga indibidwal na mayroong kanais-nais at positibong karakter na siyang nagbibigay inspirasyon at pag-asa sa progresibo at matiwasay na komunidad;

"**SAPAGKAT,** tunay na ang mga Senior Citizen ay napakalaki ang naging bahagi at kontribusyon sa pag-ukit ng kasaysayan at pag-usbong sa kaunlaran ng Bulalacao, sila ang nagsisilbing tulay natin sa paggunita at pagbibigay ng kaalaman sa nakalipas na panahon ng ating bayan;

"**SAPAGKAT,** sa kasalukuyan, ang Bulalacao ay mayroong kabuuang bilang na 2,893 na rehistradong miyembro ng Senior Citizen kung saan sila ay pinamumunuan ng Office of Senior Citizen Association na si Gng. Osana F. Ferranco, kung saan ang labinlimang barangay ay may kanya-kanyang Presidente na silang nagiging instrumento sa maayos at matiwasay na pamumuno sa lahat ng matatanda sa bawat barangay;

"**SAPAGKAT,** ang Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao ay malugod na kinikilala at pinapapurihan ang lahat ng Presidente ng Senior Citizen ng bawat barangay na nagbibigay inspirasyon at nagpapakita na hindi hadlang ang katandaan upang maging pinuno at magsagawa ng mga inisyatibo at aktibidades na siyang nakakatulong sa kapakanan at kalagayan ng lahat ng kanilang mga miyembro; Kung kaya't dahil dito…

Scanned with CamScanner

File

**PINAGPASYAHAN PA GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA NA;** Kilalanin ang lahat ng Presidente ng Senior Citizen ng lahat ng barangay ng Bayan ng Bulalacao,

**SA MUNGKAHI** nina SB Member Edwin C. Aceron na pinangalawahan ni SB Member Dennes M. Faner, ang kapasyahang ito ay…

**PINAGTIBAY":**Disyembre 6, 2021 Bulalacao, Oriental Mindoro.

---

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. DENNES M. FANER**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. KIEVEN E. CANTOS**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JESS V. SAPUNGAN**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. TULAY M. CARING**
IPM Representative

**KGG. KIM JONH ELCO E. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: Jan. 13, 2022

101221/PLP/jpc/admm

Scanned with CamScanner